

KILALANIN SI PING LACSON

Ang tama, ipaglaban. Ang mali, labanan. (What is right must be kept right. What is wrong must be set right.)

Ito ang naging gabay ni PANFILO "PING" MORENA LACSON, na patuloy na ipinaglalaman ang tama at sumusugpo ang katiwalian sa kanyang 50 taong pagseserbisyo bilang mambabatas at pampublikong tagapaglingkod.

Unang nakilala si Lacson na isang matapang at walang sinasanto habang siya ay naninilbihan noon sa Philippine Constabulary at Philippine National Police. Marami siyang nalutas na krimen kasama ang mga serye ng kidnap-for-ransom noong 1980s at 1990s. Bilang Chief PNP noong 1999 hanggang 2001, naibalik niya ang tiwala ng publiko sa kapulisan.

Sa Senado, naging masigasig na bantay si Lacson ng kaban ng bayan. Hindi nakakalusot sa kanya ang kaduda-dudang "congressional insertions" (a.k.a. pork barrel) sa pambansang badyet. Ang mga walang saysay na panggastos ay pinapatanggal niya sa badyet sa plenaryo.

Dahil sa kanyang paglaban sa katiwalian, kasama ang pagtutol sa lahat ng uri ng pork barrel, ginawaran siya ng Doctor of Laws, Honoris Causa ng Pamantasan ng Lungsod ng Maynila noong Marso 2019.

Payak na Simula

Isinilang si Ping Lacson noong ika-1 ng Hunyo, 1948 sa Imus, Cavite. Pang-apat siya sa walong anak ni Buenaventura Lacson na nagtrabaho bilang jeepney driver, at ni Maxima Lacson na naging tindera sa palengke. Nag-aral at nagtapos si Ping sa Bayang Luma Elementary School at Imus Institute. Nakamit niya ang postgraduate degree na Masters in Government Management sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila noong 1996.

Pangarap ni Ping na maging abogado upang magsilbi bilang ahente ng National Bureau of Investigation. Nag-aral siya ng Bachelor of Arts in Philosophy sa Lyceum of the Philippines bilang pre-law degree. Nguni't tila nag-iba ang kanyang tadhana nang inalok siya ng kaibigan niya na mag-apply sa Philippine Military Academy (PMA). Pumasa si Ping sa entrance exams bagamat ang kaibigang nag-alok sa kanya ay hindi.

Nagtapos si Ping sa PMA bilang bahagi ng Matatag Class ng 1971. Dito niya lubos na natutunan ang kahalagahan ng katapangan, integridad at katapatan sa pagiging tunay na pinuno.

Sumali si Ping sa Philippine Constabulary, at sa Philippine National Police nang na-decommission ang PC noong 1991.

Bilang Tagapagpatupad ng Batas

Kasunod ng kanyang pagtatapos sa PMA, itinalaga si Lt. Lacson sa Metrocom Intelligence and Security Group simula noong 1971 hanggang 1986, at sa PC-INP Anti-Carnapping Task Force mula 1986 hanggang 1988.

Marami ang namangha sa ipinakita ni Lacson sa kanyang pagpanig sa tama at sa pangunguna nito sa paglutas ng kidnap-for-ransom cases, kabilang na rito ang pag-kidnap kay Robina Gokongwei noong 1981. Si Lacson ang namuno sa grupo na nag-rescue kay Robina at hindi nito tinanggap ang pabuya mula sa pamilya Gokongwei.

Pagkatapos nito ay nanungkulan si Lacson bilang Provincial Commander sa Isabela mula 1988 hanggang 1989 kung saan marami siyang nakabangga na logging “magnates.”

Mula 1989 hanggang 1992, nanilbihan siya bilang commander ng Metropolitan District Command (Metrodiscom) sa Cebu City, at naging *adopted son* ng siyudad dahil sa kanyang tapat na pagtatrabaho. Maging ang mga opisyal sa Cebu City ay tumutol sa kanyang paglipat sa ibang lugar at ninais ng mga ito na manatili siya sa lungsod.

Mula Pebrero hanggang Hulyo 1992, pinamunuan ni Lacson ang kapulisan sa Laguna at umani ng magandang reputasyon dahil sa kanyang hindi matatawarang paglaban sa ilegal na pagsusugal.

Sa huling bahagi ng 1992, ipinagkatiwala sa kanya ni noo’y Bise Presidente Joseph Estrada ang pamumuno sa Task Force Habagat ng Presidential Anti-Crime Commission hanggang 1995. Mula 1996 hanggang 1997, nanungkulan si Lacson bilang Project Officer ng Special Project Alpha.

Noong naging Pangulo si Estrada taong 1998, nanungkulan naman si Lacson bilang pinuno ng Presidential Anti-Organized Crime Task Force kung saan inubos niya ang bilang ng kidnap-for-ransom cases sa loob ng isang taon, habang patuloy siyang nakikipaglaban sa pagpuslit ng ilegal na droga, smuggling, carnapping, illegal possession of firearms at iba pang karumal-dumal na aktibidad.

PNP Chief (1999-2001)

Sa kanyang termino bilang PNP Chief, tapat na namuno si Lacson sa pamamagitan ng “leadership by example” sa pagpapatupad ng no-take policy at fitness program, kasabay nito ang pag-disiplina niya sa mga kotong cops--mga inisyatibo na nagbigay sa PNP ng pinakamataas nitong public approval ratings sa kasaysayan.

Sa simula ng kanyang pamumuno sa PNP noong ika-16 ng Nobyembre 1999, sinikap ni Lacson na ibalik ang tiwala ng publiko sa kapulisan. Dinisiplina niya ang puwersa ng pulis at inangat ang moral ng mga ito sa pamamagitan ng pagtanggap niya sa mga pulis na binansagan niyang ICUs: *Inept, Corrupt, Undisciplined*.

Isa sa mga unang direktiba niya bilang PNP Chief ang pagsasauli sa mga narekober na carnapped na sasakyan na ginagamit ng ilan sa mga pulis--pang personal man o incognito. Wala pang dalawang linggo, nagmistulang parking lot ang Camp Crame at kalapit nitong flyover ng hanggang 600 na isinauling sasakyan, na ibinalik sa kanilang mga may-ari.

Tinugis din Lacson ang mga pulis na inaabuso ang "sports days" sa pamamagitan ng hindi pagpapahintulot sa mga ito na pumunta sa mga golf course tuwing oras ng trabaho. Sa halip, ipinatupad niya muli ang pagkakaroon ng in-camp sports activities para mahikayat ang pakikisama sa mga kapwa officers.

Binigyan din niya ng deadline ang mga pulis na malalaki ang tiyan na paliitin ang kanilang waistline sa 34 inches.

Samantala, inilaan naman ni Lacson ang 85% ng pondo ng PNP para sa operating units para maisaayos ang kabuuang management nito, at tinanggal niya ang mga sobra-sobrang pribilehiyo para sa mga matataas na opisyal ng pulis.

Pero ang pinakamahalaga, winakasan ni Lacson ang pangongotong ng ilan sa mga pulis kung saan binibiktima ng mga ito ang mga drayber at tindero/tindera ng gulay at bigas. Nawala ang "kotong cops" sa ilalim ng pamumuno ni Lacson.

Ipinatupad din ni Lacson ang "No-Take Policy" laban sa mga pulis na protektor ng ilegal na pasugalan. Dahil sa hakbang na ito, mahigit 2,000 pulis ang nasibak sa pwesto.

Dahil sa mga mabubuting ginawa ni Lacson bilang PNP Chief, nagawa niyang pataasin ang trust ratings ng institusyon. Mula -13% noong siya ay itinalaga bilang pinuno ng PNP, tumaas ang tiwala sa PNP at nakamit nito ang +58% trust ratings - ang pinakamataas na marka na nakuha ng PNP mula sa publiko. Nakakuha rin si Lacson ng approval rating na +78% kasabay ng pagbabalik ng tiwala ng mamamayang Pilipino sa buong kapulisan.

Bilang Senador (2001-2013; 2016-2022)

Noong 2001, nanalo bilang Senador si Lacson sa kabila ng mga maling balita at walang basehang kaso at paratang sa kanya ng mga nakalaban niya sa pulitika.

Bilang mambabatas, nanatili kay Lacson ang kanyang prinsipyo na ipaglaban ang tama at labanan ang mali.

Sa kanyang unang termino pa lang, tinrabaho na ni Lacson ang pagtatama sa isa pang mali sa sistema: ang pork barrel na talamak sa pambansang pondo. Nagsampa rin siya ng kasong korapsyon sa ilang mga public officials at contractors, kabilang na rito ang dalawa sa kanyang sariling staff na napag-alamang kumita mula sa pork.

Sampung taon bago pumutok ang isyu ng multi billion-peso Priority Development Assistance Fund (pork), idinetalye ni Lacson sa kanyang 2003 privilege speech kung paano naibubulsa ang kaban ng bayan sa pamamagitan ng PDAF.

Ipinabalik din niya ang kanyang PDAF allocations na nagkakahalaga ng P200 milyon kada taon sa National Treasury, dahilan para makalikom ang gobyerno ng P2.4 bilyong savings sa loob ng 12 taon.

Si Lacson ang principal sponsor at isa sa mga may akda ng Anti-Terrorism Act of 2020 (Republic Act 11479), na nagbigay sa awtoridad ng sapat na legal na instrumento para palakasin ang tugon nito laban sa terorismo.

Siya rin ang isa sa mga may akda ng Bayanihan to Heal As One Act (RA 11469); at co-author ng GMRC and Values Education Act (RA 11476).

Si Lacson ang principal sponsor ng National ID Law (Republic Act 11055), na magpapadali sa paghahatid ng mga serbisyo ng pamahalaan at mga transaksyon sa gobyerno at pribadong institusyon. Makakatulong din ang batas na ito sa pagresolba ng kriminalidad. Matagal nang ipinaglalaman ni Lacson ang panukalang ito simula pa noong kanyang unang termino sa pagka-senador noong 2001.

Isa siya sa mga pangunahing may akda ng Joint Resolution 1 na layong taasan ang base pay ng military at ibang uniformed personnel (MUP) sa gobyerno. Kabilang sa mga benepisyaryo ng pagtaas na ito ang mga retiradong MUP ng Armed Forces of the Philippines – General Headquarters (AFP- GHQ), Philippine National Police (PNP), Bureau of Fire Protection (BFP), Bureau of Jail Management and Penology (BJMP), at National Mapping and Resource Information Authority (NAMRIA).

Maliban pa rito, isinulong at ipinaglalaman din ni Lacson ang Republic Act 11053 o ang Anti-Hazing Law of 2018, na nagpapataw ng mas mabigat na parusa sa mga may kinalaman at sangkot sa mga pagpatay dahil sa hazing.

Si Lacson din ang may akda at sponsor ng Republic Act 9485 o ang Anti-Red Tape Act of 2007 na nagpapa-iksi sa proseso at bilang ng araw sa pag-aasikaso ng mga transaksyon sa gobyerno na nagresulta sa pagpapabilis ng pagbibigay ng mga serbisyo para sa publiko.

Ilan pa sa mga natatanging batas na ipinaglalaman ni Lacson mula ika-12 hanggang ika-17 Kongreso ay ang mga sumusunod:

* Republic Act 11279: Act Transferring the Training of Police Recruits from the Philippine Public Safety College to the Philippine National Police

* Republic Act 11200: An Act Providing for Rank Classification in the Philippine National Police

* Republic Act 11059: An Act Establishing a Retirement Benefit System in the Office of the Ombudsman

- * Republic Act 10973: Restoring the Subpoena Powers of the PNP-CIDG
- * Republic Act 10969: The Free Irrigation Law
- * Republic Act 10927: Amending the Anti-Money Laundering Act to Include Casinos as 'Covered Persons'
- * Republic Act 10591: An Act Providing for a Comprehensive Law on Firearms, Light Weapons and Ammunition
- * Republic Act 10354: the Responsible Parenthood and Reproductive Health Act of 2012
- * Republic Act 10351: The Sin Tax Reform Law
- * Republic Act 10349: An Act Amending the Armed Forces of the Philippines Modernization Program
- * Republic Act 10167: An Act to Further Strengthen the Anti-Money Laundering Law
- * Republic Act 9160 (as amended by RA 9194): Anti-Money Laundering Act
- * Republic Act 9165: Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002
- * Republic Act 9163: National Service Training Program Act of 2001
- * Republic Act 9166: An Act Increasing the Base Pay of the Members of the AFP
- * Republic Act 9208: Anti-Trafficking in Persons Act of 2003
- * Republic Act 9416: Anti-Cheating Act of 2007
- * Republic Act 9484: The Philippine Dental Act of 2007

Nag-akda rin si Lacson ng mga panukalang batas na layuning tuldukan ang kriminalidad at korapsyon at ayusin ang burukrasya o sistema ng pamahalaan:

- * ang proposed Budget Reform for Village Empowerment Act
- * ang proposed Expanded Anti-Wiretapping Act
- * panukalang batas sa pagrehistro ng prepaid subscriber identity module (SIM) cards para pigilan ang scams at krimeng may kinalaman sa identity theft
- * panukalang batas na may mas mabigat na parusa sa mga nagbibigay ng mapanlinlang na salaysay
- * panukalang batas na may malaking pabuya at proteksyon sa mga magtetestigo laban sa opisyal ng gobyerno na sangkot sa korapsyon

* panukalang batas na ipinagbabawal ang nagbebenta o gumagawa ng ilegal na droga na makinabang sa Bank Secrecy Act upang hindi nila maitago ang pinagkakakitaan nila sa ating mga bangko.

Hindi rin natitinag ang adhikain ni Lacson na patuloy na labanan ang korapsyon. Kabilang sa mga exposes at imbestigasyon ng mga anomalya sa gobyerno ang tinutukan niya kabilang na ang:

* irregularities sa kasunduan ng gobyerno sa Industrias Metalurgicas Pescarmona Sociedad Anonima (IMPESA) ng Argentina

* money-laundering scheme ni “Jose Pidal”

* tuloy na jueteng sa bansa

* P728-million fertilizer fund scam ni Jocjoc Bolante

* “Hello Garci” scandal na nagpahiwatig ng pandaraya sa halalan noong 2004

* diumano’y overpricing sa decorative lamp posts sa Asean summit sa Cebu City

* kalagayan ng Pilipinong nars na ni-recruit ng Sentosa Recruitment Agency

* diumano’y panunuhol sa impeachment laban kay Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo

* iregularidad sa \$329-million contract ng Philippine government at ZTE ng China para sa national broadband network project

* iregularidad sa multi billion-peso Quedancor swine program

* “chopper scam” kung saan ang mga second hand helicopters ay binenta sa presyong brand-new sa Philippine National Police

* plano ng Social Security System na i-channel ang workers’ pension funds sa isang government economic stimulus program

* diumano’y iregularidad sa pagbili ng video equipment para sa Senate Public Relations and Information Bureau

* ang “tara list” and payola sa Bureau of Customs

* pork barrel sa anumang anyo

Noong 17th Congress, nanatiling matatag ang paninindigan ni Lacson sa layuning tanggalin ang pork barrel at mga uri nito na talamak pa ring makikita sa pambansang pondo. Sa kanyang privilege speech noong 2019 na nagsilbing karugtong ng kanyang talumpati noong 2003 na pinamagatang “Living Without Pork II,” idinetalye ng senador ang pagkakaroon muli ng pork

barrel allocations sa 2019 budget, partikular na rito ang mga inilagay sa pondo ng Department of Public Works and Highways (DPWH).

Kabilang sa mga kwestiyonableng appropriations na isiniwalat ni Lacson ay ang mga bilyon-bilyong “pork insertions” ng mga kongresista na ni-realign nila para pondohan ang mga programa at proyekto sa ilalim ng 2019 budget. Ang nasabing “pork” ay kasama sa P95 bilyong appropriations na hindi inaprubahan ni Pangulong Rodrigo Duterte sa Republic Act No. 11260, o ang General Appropriations Act of 2019.

Noong 18th Congress, pinamunuan ni Lacson ang Senate Committees on National Defense at Security and Accounts. Miyembro rin sya ng iba pang komite sa Senado.

Kasama sa unang batch ng panukalang batas na inihain ni Lacson sa kasalukuyang Kongreso ang Budget Reform for Village Empowerment Act of 2019, at isa pang panukala na nagsisiguro sa partisipasyon ng publiko sa budget process.

Inihain din niyang muli ang panukala kung saan hindi isasama ang mga opisyal ng gobyerno sa Bank Secrecy Act, Prepaid SIM Cards Regulations Act of 2019, panukala na magbabalik sa parusang kamatayan para sa mga sangkot sa karumal-dumal na krimen, panukala na nagpapataw ng mas mabigat na parusa sa mga nagsisinungaling na witness, at ang panukala laban sa political dynasty o Anti-Political Dynasty Act of 2019.

Si Lacson din ang naghain ng “Designated Survivor” bill na nag-gagarantiya sa patuloy na operasyon ng gobyerno sa oras na magkaroon ng terrorist attack, malubhang sakuna at iba pang “exceptional circumstances” kung saan ang Presidente at iba pang nabanggit sa Konstitusyon na papalit sa kanya ay napatay o nagkaroon ng permanenteng kapansanan.

Yolanda (Haiyan) Rehabilitation

Nanilbihan din si Lacson bilang Presidential Assistant for Rehabilitation and Recovery, kung saan siya ang naatasang makipag-ugnayan sa mga ahensya at organisasyon upang matulungan ang mga biktima ng Super Typhoon Yolanda.

Sa kabila ng mga limitasyon na kanyang kinaharap sa pagtugon ng kanyang tungkulin, sinikap ni Lacson at ng kanyang staff ang makipag-ugnayan at lipunin ang lahat ng tulong na ipinaabot ng pribadong sektor at non-government organizations na umabot sa halagang P30 bilyon na ginamit sa rehabilitasyon at recovery projects/programs. Siya rin pangunahing nag-plano ng Yolanda Comprehensive Rehabilitation and Recovery Plan (CRRP) na nagdedetalye ng institutional arrangements, kabilang ang public-private partnerships; at cluster structures para sa pagpapatayo ng imprastruktura, pag-aabot ng social services, resettlement, livelihood at suporta para sa mga apektadong lugar at biktima ng Yolanda.

Naka-detalye sa CRRP ang rehabilitasyon at recovery plans ng mga lokal na gobyerno, at pati na rin ang mga panuntunan sa pakikipag-ugnayan sa non-government sector.

PING LACSON'S RESUME

PERSONAL CIRCUMSTANCES:

- * Born on June 1, 1948 in Imus, Cavite
- * Married to Alice de Perio-Lacson
- * Children: Reginald, Ronald Jay, Panfilo Jr., Jeric
- * Adopted son of Cebu
- * Doctor of Laws, Honoris Causa, Pamantasan ng Lungsod ng Maynila: 2019

EDUCATIONAL BACKGROUND:

- * Master in Government Management Pamantasan ng Lungsod ng Maynila (1995-1996)
- * Bachelor of Science Philippine Military Academy (1967-1971)
- * BS Engineering Lyceum of the Philippines (1964-1967)
- * High School Imus Institute (1960-1964)
- * Grade School Bayang Luma Elementary School (1954-1960)

CAREER AS PUBLIC SERVANT:

- * Senator: 2001 to 2013; 2016 to present
- * Presidential Assistant on Rehabilitation and Recovery: 2013 to 2015
- * Chief, Philippine National Police: Nov. 16, 1999 to Jan. 20, 2001
- * Chief, Presidential Anti-Organized Crime Task Force: June 26, 1998 to Jan. 21, 2001
- * Project Officer, Special Project Alpha: 1996 to April 1997
- * Chief, Task Force Habagat, PACC: 1992 to 1995
- * Provincial Director, Laguna, PC: February to July, 1992

- * Commander, Cebu Metrodiscom: 1989 to 1992
- * Provincial Commander, Isabela PC: 1988 to 1989
- * PC-INP Anti Carnapping Task Force: 1986 to 1988
- * Metrocom Intelligence and Security Group: 1971 to 1986

TRAINING, SCHOLARSHIP COURSES:

- * Bachelor Science Degree, Philippine Military Academy: 1967 to 1971
- * Intel Officers Basic Course, SITS, Fort Bonifacio: 1973
- * Military Intel Collection Course, SITS, Fort Bonifacio: 1974
- * Counter URBAN Guerilla Warfare Course, Fort Magsaysay: 1972
- * Incident Management Course, PSG, Malacañang
- * Airmobile Operations Course Command and General Staff Course, Camp Crame, Quezon City
- * Command General Staff College, Fort Bonifacio

AWARDS:

- * Outstanding Cavalier Award for Public Administration, Philippine Military Academy Alumni Association Inc.: 2020
- * Doctor of Laws, Honoris Causa, Pamantasan ng Lungsod ng Maynila: 2019
- * Ten Outstanding Policemen of the Philippines, Philippine Jaycees Inc.: 1998
- * Special Medal of Honor, Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP)
- * Police Director of the Year, Regional Command (RECOM) 7, Cebu City: 1992
- * Adopted Son of Cebu, Cebu City Council Resolution: 1991
- * Philippine Constabulary Officer of the Year, Regional Command (RECOM) 7, Cebu City: 1989-1990 and 1990-1991
- * Certificate of Academic Excellence, AFP Command and General Staff College: 1983

* PMA Alumni Cavalier Award (Special Operations), Philippine Military Academy Alumni Association Inc.: 1983

* PC Metrocom Officer of the Year, Philippine Constabulary: 1982

Medals:

17 Military Merit Medals

3 Medalya ng Kadakilaan

3 Medalya ng Kagalingan

2 Outstanding Achievement Medals

5 Military Commendation Medals

5 Bronze Cross Medals

2 Medalya ng Papuri

Luzon Campaign Medal

Visayas Campaign Medal

Combat Efficiency Medal

Special Citations:

* Philippine College of Rotary Governor, Rotary Club of Manila

* Lions President League of the Philippines

* Philippine Chamber of Commerce and Industry

* Volunteers Against Crime and Corruption

* Manila Downtown Y's Men's Club

* Council of Past Lions Governors of the Philippines

* Cebu Chamber of Commerce

* Cebu Bankers Club

- * Cebu City Office for Substance Abuse Prevention
- * Metro Cebu Uptown Jaycees
- * Rotary Club of San Fernando (LU)
- * Asusasyon ng Kumentarista at Announcer ng Pilipinas
- * Pugad Lawin Philippines, Inc.
- * Police Cavaliers Association, Inc.
- * National Police Commission
- * Federation of Filipino-Chinese Chambers of Commerce
- * PMA Class '71 (MATATAG)
- * Rotary Club of Caloocan
- * Rotary Club of Metro Cebu Rotary Club of Cebu
- * West Rotary Club of Cebu Port Center
- * Rotary International District 390
- * Rotary Club of Binan
- * Direct Commission Batch '71 PNPC Chapter
- * KBP Metro Manila Chapter
- * Guest of Honor and Commencement Speaker at the Commencement Exercises of Bicol University, Daraga, Albay
